PAHAYAG NG MISYON:

Misyon

Ang Rehiyonal na Sentro ng Alta California ay gumagawa at nagpapanatili ng mga samahan upang suportahan lahat ng tao na may kapansanang hadlang sa paglaki, mga batang nasa panganib, at ang kanilang pamilya sa pagpili ng mga serbisyo at mga suporta sa pamamagitan ng indibidwal na habambuhay na pagpaplano upang makamit ang malugod na pamumuhay sa kanilang sariling komunidad.

Adhikain

Isang hinaharap na kung saan lahat ng indibidwal ay pinahahalagahang myembro ng kanilang komunidad.

Saan Makikita ang Alta?

Ang Rehiyonal na Sentro ng Alta California ay may siyam na opisina. Ang mga taong naghahanap ng tulong/impormasyon at dapat tumawag sa pinakamalapit na opisina.

AUBURN
560 Wall Street, Suite B
Auburn, CA 95603
(530) 885-8447 {boses}
(530)885-9148 {fax}
[Lugar ng Placer]

GRASSVALLEY
900 E. Main Street
Suite 102
Grass Valley, CA 95945
(530) 272-4231 {boses}
(530) 272-4637 {fax}
[Mga Lugar ng Nevada at Sierra]

PLACERVILLE
344 Placerville Drive,
Suite 1
Placerville, CA 95667
(530) 626-1353 {boses}
(530) 626-0162 {fax}
[Lugar ng Kanlurang El Dorado]

ROSEVILLE
1620 Santa Clara Drive
Suite 100
Roseville, CA 95661
(916) 786-8110 {boses}
(916) 786-0621 {fax}
[Lugar ng Placer]

TRUCKEE
10775 Pioneer Trail
Summit Bldg., Suite 212
Truckee, CA 96161
(530) 550-2220{boses}
(530) 550-2217 {fax}
[Mga Lugar ng Sierra, Nevada, Placer]

SACRAMENTO
2135 Butano Drive
Sacramento, CA 95825
(916) 978-6400 {boses}
(916) 489-4241 {TDD}
(916)489-1033 {fax}
[Lugar ng Sacramento]

SOUTH LAKE TAHOE
Starlake Building
2489 Lake Tahoe Boulevard,
Suite 1
South Lake Tahoe, CA 96150
(530) 542-0442 {boses}
(530) 542-3436 {fax}
[Mga lugar ng Alpine, Placer, Nevada, at Silangang El Dorado]

WOODLAND
250 West Main Street, #100
Woodland, CA 95695
(530) 666-3391 {boses}
(530)666-3831 {fax}
[Lugar ng Yolo]

YUBA CITY
1506 Starr Drive, Suite A
Yuba City, CA 95993
(530) 674-3070 {voice}
(530)674-7228 {fax}
[Mga Lugar ng Sutter, Yuba, at Colusa]

websayt ng ACRC:
www.altaregional.org

ABR 2005

Rehiyonal na Sentro ng
ALTA CALIFORNIA

Isang Programa Para sa mga Indibidwal na may Kapansanang Kaugnay sa Paglaki at Kanilang Pamiliya

Rehiyonal na Sentro ng Alta California

www.altaregional.org

Ano ang Rehiyonal na Sentro ng Alta California

Ang Rehiyonal na Sentro ng Alta California (Alta) ay ang isang ahensya sa komunidad na kung saan ang mga tao na may kapansanan sa pag-iisip o iba pang kapansanang hadlang sa paglaki at ang kanilang pamilya ay natutulungan upang magamit ang mga pangunahing pampubliko o pribadong serbisyo upang matugunan ang kanilang natatanging pangangailangan.

Ang Alta ay isa sa grupo ng 21 na mga rehiyonal na sentro sa California na itinalaga ng Lanternman Mental Retardation Services Act of 1969. Ang Alta ay isang di-kumikita na korporasyon na nagtatrabaho sa ilalim ng kontrata sa California Department of Developmental Services.

Sino ang Maaaring Tumanggap ng mga Serbisyo ng Alta?

Sinumang residente ng Alpine, Colusa, El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, Sierra, Sutter, Yolo, o Yuba na mga county na may o pinaghihinalaang may kapansanang hadlang sa paglaki ay maaaring tumanggap ng serbisyo mula sa Alta.

Ayon sa Lanternman Developmental Disabilities Act (AB846), ang "**kapansanan kaugnay sa paglaki**" ay nangangahulugang isang kapansanan na kaugnay sa kapansanan sa pag-iisip, cerebral palsy, epilepsi, otismo, o iba pang kondisyong nakakahadlang na makikitang malapit sa kapansanan sa pag-iisip o kinakailangan ng paggamot halintulad sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-iisip. Ang kapansanang iyon ay dapat nagkaroon bago umabot ang indibidwal ng edad na 18, tumutuloy o inaasahang tutuloy ng walang kasiguraduhan, at bumubuo ng totoong hadlang para sa sinabing mga indibidwal.

Ang Alta ay hindi pumipili o tumatanggi ng mga serbisyo o iba pang benepisyo base sa kita, uri, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, pinanggalingang bansa, o estadong pulitikal.

Anong mga Suporta ang Binibigay ng Alta?

Edukasyon sa komunidad tungkol sa kapansanang hadlang sa paglaki

Pagpapaunlad ng mapagkukunan ng komunidad

Konsultasyon sa pampubliko at pribadong ahensya na nagbibigay serbisyo sa mga indibidwal na may kapansanang hadlang sa paglaki

Tuloy-tuloy 24-oras na labas-ng-bahay na pag-aaruga, pagpaplano, pagpapadala, at pag-subaybay

Pagsusuri at ebalwasyon

Maagang pamamagitan para sa mga musmos na may kapansanang hadlang sa paglaki at kanilang pamilya

Ekspertong testimonya para sa mga mamimili sa rehiyonal na sentro na humaharap sa korte

Pagsangguni ng pagpayong genetik

Individual Program Planning (IPP)

Impormasyon at pagsangguni

Pagsusuri bago ang panganganak

Pagbili ng mga kailangang serbisyo

Pagtutugma ng mga Serbisyo (pangangasiwa ng mga kaso)

Anong mga serbisyo ang binibili ng Alta?

Maraming serbisyo ang maaaring mabili depende sa mga pangangailangan ng mamimili at nakalaang pondo mula sa estado at pederal na gobyerno. Dagdag pa, ang Alta ay may ligal na tungkulin na mangilala at mangalap ng mga alternatibong maaaring pagkunan ng pondo (karaniwang mapagkukunan) bago ang pagbili. Ang mga serbisyong binili ng Alta ay dapat kaugnay sa kapansanang hadlang sa pag-laki ng mamimili at sa pagtasa ng pangangailangan. Ilan sa mga pinakamadalas na binibiling serbisyo ay:

"24-oras labas-ng-bahay na pag-aaruga
"Programang Araw ng Matatanda
"Mga serbisyong malayang pamumuhay
"Panandaliang pag-aaruga
"Transportasyon

Ano ang presyo ng mga serbisyo ng Alta?

Walang singil sa mga serbisyong binibigay habang sa pagsusuri at sa pagtasa ng kaangkupan. Ang Estado ng California ay kasalukuyang hinihiling sa magulang ng mga batang bababa sa edad na 18 na nagpapatuloy sa 24-oras labas-ng-bahay na padala na bayaran ang estado para sa bahagi ng presyo ng pagpapadala, sang-ayon sa kanilang kakayanan na makapagbayad. Para sa mga magulang na may anak na edad 3 hanggang 17, nakatira sa bahay at nakakakuha ng panandaliang ginhawa, pag-aaruga sa araw o serbisyong kamping, maaaring magkaroon ng bahagi sa bayad base sa Family Cost Participation Plan (FCPP). Ang batas na ito, pinasa noong January 1, 2005 ay tinataguyod ang FCPP at ang mga pamilya ay matatasa base sa pamantayan ng FCPP, laki ng pamilya, bilang ng mamimili at taas ng sweldo.